# MISSALETTE

1 Marso 2026 • Ika-2 Linggo ng Kuwaresma • Taon A




## Ang Paglalakbay Natin sa Kuwaresma sa Liwanag ni Kristong Nagbagong-anyo

Ngayong Ikalawang Linggo ng Kuwaresma, ipinahahayag sa Mabuting Balita ang pagbabagong-anyo ni Hesus sa bundok Tabor na nagpalakas kina Pedro, Santiago, at Juan. Nawa'y maranasan din natin ang kanilang kagalakan. Maglakas-loob din nawa tayong hanapin ang mga pagpapahalaga ng kaharian ng Diyos at mamuhay sa liwanag ng kabanalan. Ito ay habang masigla nating ipinagpapatuloy ang ating paglalakbay sa Kuwaresma patungo sa mga pangako ng Diyos.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Ako ay iyong tinawag
upang mukha mo'y mamalas.
Ang mukha mo ay marilag,
nag-aangkin ng liwanag,
ipakita mo't ihayag. *(Sal 27, 8-9)*

### PAGBATI

**P** –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

**B – At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Nagpapasalamat sa Panginoong tumawag sa atin para saksihan ang ningning ng Kanyang pagbabagong-anyo, alalahanin nating ang kasalanan ay ang lambong na tumatabing para di natin Siya makita. Hilingin natin ngayong hawiin Niya ang gayong tabing. *(Manahimik sandali.)*

**P** – Para sa maraming pagkakataong umasal kaming mga kaaway ng Iyong krus, Panginoon, kaawaan mo kami.

**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Para sa madalas naming pagmamalaki sa mga dapat sana naming ikinahiya, Kristo, kaawaan mo kami.

**B – Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** – Para sa mga pagkakataong dinungisan o sinira namin ang larawan Mo sa amin, Panginoon, kaawaan mo kami.

**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B – Amen.**

### PANALANGING PAMBUNGAD

**P** – Ama naming makapangyarihan,
iniutos mong pakinggan namin
ang minamahal mong Anak
na iyong kinalulugdan.
Kami nawa'y makapakinabang sa iyong Salita
upang sa pagdalisay nito sa aming kalooban,
kami ay lumigaya sa pagkakita sa iyong liwanag
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

**B – Amen.**


This issue of Euchalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### UNANG PAGBASA — Gen 12, 1-4a

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

**Noong mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Abram: "Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, at mababantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami.**


**Ang sa iyo'y magpapala ay aking pagpapalain;**
**ngunit kapag sinumpa ka, sila'y aking susumpain.**
**Ang lahat ng mga bansa pihong ako'y hihimukin,**
**na, tulad mong pinagpala, sila ay pagpapalain din."**
**Sumunod nga si Abram sa utos ng Panginoon.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

### SALMONG TUGUNAN — Sal 32, 4-5. 18-19.20 at 22

**B – Poon, pag-asa ka namin,**
**pag-ibig mo'y aming hiling.**

*R. M. Velez*




* Panginoo'y tapat sa kanyang salita,
at maaasahan ang kanyang ginawa.
Minamahal niya ang gawang matapat,
ang pag-ibig niya sa mundo'y laganap. ***B.***

* Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala
sa kanyang pag-ibig, ay kinakalinga.
Hindi babayaang sila ay mamatay,
kahit magtaggutom sila'y binubuhay. ***B.***

* Ang ating pag-asa'y nasa Panginoon;
siya ang sanggalang natin at katulong.
Ipagkaloob mo na aming makamit,
O Poon, ang iyong wagas na pag-ibig,
yamang ang pag-asa'y sa'yo nasasalig! ***B.***

### IKALAWANG PAGBASA — 2 Tim 1, 8b. 10

Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal kong kapatid:**
**Makihati ka sa kahirapan dahil sa Mabuting Balita, sa tulong ng Diyos na nagligtas at tumawag sa atin upang tayo'y maging kanyang bayan. Ito'y ginawa niya sa pamamagitan ni Kristo Hesus, hindi dahil sa ating mga gawa kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob na inilaan sa atin bago pa magsimula ang panahon. Ngunit nahayag lamang ito nang dumating si Kristo Hesus na ating Tagapagligtas. Nilupig niya ang kamatayan at inihayag ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng Mabuting Balita.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

### AWIT-PAMBUNGAD SA MABUTING BALITA

**B– Luwalhati at papuri sa iyo,**
**Panginoong Hesukristo!**
**Sa ulap na maliwanag,**
**ito ang siyang pahayag,**
**ang D'yos Ama na nangusap:**
**"Ito ang mahal kong Anak,**
**lugod kong dinggin ng lahat."**
**Luwalhati at papuri sa iyo,**
**Panginoong Hesukristo!**

### MABUTING BALITA — Mt 17, 1-9

**P–**Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon: Isinama ni Hesus si Pedro, at ang magkapatid na Santiago at Juan, at sila'y umakyat sa isang mataas na bundok. Samantalang sila'y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus: nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha, at pumuting parang busilak ang kanyang damit. Nakita na lamang at sukat ng tatlong alagad sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Hesus. Kaya't sinabi ni Pedro kay Hesus, "Panginoon, mabuti pa'y dumito na tayo. Kung ibig ninyo, gagawa ako ng tatlong kubol: isa sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias." Nagsasalita pa siya nang liliman sila ng isang maningning na ulap. At mula rito'y may tinig na nagsabi: "Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya!"**
**Ang mga alagad ay natakot nang gayon na lamang nang marinig nila ang tinig, at sila'y**

**napasubasob. Ngunit nilapitan sila ni Hesus at hinipo. "Tumindig kayo," sabi niya, "huwag kayong matakot." At nang tumingin sila ay wala silang nakita kundi si Hesus.**

**At habang bumababa sila sa bundok, iniutos ni Hesus sa kanila, "Huwag ninyong sasabihin kanino man ang pangitain hangga't hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –** Habang inaalala natin ang pagbabagong-anyo ni Hesus at sinasariwa ang ating pagtatalagang makinig sa Kanya, dalhin natin sa Ama ang ating mga panalangin para sa mundong pinapahirapan ng kasalanan at pagdurusa. Ang ating tugon ay:

**B – Panginoon, liwanag at buhay dinggin Mo Kami.**

* Para sa Simbahan: nawa'y pag-ukulan Siya ng inspirasyon ng Pagbabagong-anyo ni Hesus upang maglingkod para sa kabutihan ng lahat. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat nating pinuno: Nawa magtamo sila sa pagbabagong-anyo ni Hesus ng kailangan nilang lakas para harapin ang mga kahirapan sa kanilang misyon. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga nag-aalinlangan sa pagka Diyos ni Kristo: nawa'y makita nila na si Hesus ay tunay na Diyos at Tao. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga nalugmok sa kasalanan: nawa'y ang Pagbabagong-anyo ni Hesus ay magbig-ay sa kanila ng inspirasyon at lakas ng loob na magbagong buhay at magsimula muli. Manalangin tayo. **B.**

**P –** Panginoong Diyos, nawa'y masilayan namin ang maningning na mukha ng Iyong Anak sa Eukaristiyang ito. Punuin Mo kami ng Iyong kapayapaan, upang tapat Ka naming mapaglingkuran sa lahat ng araw ng aming buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .

**B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –**Ama naming Lumikha,
ang paghahaing ito ay magdulot nawa
ng kapatawaran ng aming mga kasalanan
at magpabanal sa aming buong katauhan
para sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

**B– Amen.**

## PREPASYO: ANG PAGLILIWANAG SA BAGONG ANYO NG PANGINOON

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P–** Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan

sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Nang maipagtapat niya sa mga alagad
na siya'y laang mamatay para sa lahat,
sa kanila'y kanyang ipinamalas
ang kanyang sariling puspos ng liwanag.
Ang iyong mga Utos at mga Propeta
ay pawang mga tagapagpatunay niya
sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa
upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi
sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo . . .**

## PAGBUBUNYI

**B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

# PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
P – Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ito ang Anak kong mahal,**
**na aking kinalulugdan**
**ng buo kong kalooban.**
**Siya ay inyong pakinggan**
**at sundin sa pangangaral.** *(Mt 17, 5)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** –Ama naming mapagmahal,
kaming pinapakinabang mo
sa dakilang pagliliwanag
sa bagong anyo ng iyong Anak
ay tumatanaw ng utang na loob sa iyo
sapagkat kahit ngayon pa man
sa lupang ibabaw,
pinapagsasalo mo na kami
sa kariktan ng kalangitan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGWAWAKAS

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

P – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**

**Tune in to Radio Veritas**
**(846 kHz)**
**every Saturday**
**from 5:00 to 6:00 p.m.**
**and listen to**
**BISPERAS SA VERITAS**
**the interactive radio program that helps you discover**
**– the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and**
**– how they can empower your life, your family, and your community.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua